# Form sa Pag-order ng Paghahatid ng Food Bank sa Bahay

Nasasabik na ang United Way of King County, Food Lifeline, ang Lungsod ng Seattle, at Metro Access na ialok ang paghahatid ng mga food box sa bahay sa buong King County sa panahon ng COVID-19. Punan ang form na ito para mag-order para sa isang beses na paghahatid ng pagkain. Mangyaring tandaan na ang pagkaing ito ay hindi maaaring ibenta at para lamang sa layuning personal na paggamit ng sambahayan.

Sa ngayon, nakakapaghatid lang kami sa loob ng lungsod ng Seattle, North King County, at East King County, at aktibong nagsisikap para mapalawak hanggang sa South King County.

Sa panahong ito, iniaalok ng serbisyong ito ang preset na 15-25 lb sa iba't ibang kahon ng mga shelf-stable na pagkain mula sa Food Lifeline. Maaaring kasama rito ang mga de-latang pagkain, de-latang prutas, de-latang gulay, pasta, at iba pang sari-saring pagkain. Maaari ding maglaman ang ilang kahon ng mga pagkaing madaling masira gaya ng tinapay o gulay na may mahabang shelf-life. Tinatayang kayang pakainin ng isang kahon ang pamilyang may apat ang miyembro sa loob ng humigit-kumulang 2-4 na araw. Sa kasalukuyan ay hindi namin kayang tugunan ang indibiduwal na mga pangangailangang pang-allergy at pandiyeta. Kung mayroon kang mga espesipikong pangangailangang pang-allergy o pandiyeta, inirerekomenda naming makipag-ugnayan ka sa iyong lokal na food bank, dahil maaari nilang maibigay sa iyo ang isang mas na-customize na pagpipilian ng pagkain.

Sa kasalukuyan, available ang paghahatid ng Lunes-Biyernes nang maghapon. Inaasahan naming makapaghatid sa loob ng 2 o 3 araw pagkatapos matanggap ang mga order. Ihahatid sa susunod na linggo ang mga order na natanggap nang Huwebes o Biyernes. Kapag hindi kami nakaabot sa mga timeline na ito, makikipag-ugnayan kami tungkol sa na-update na petsa ng paghahatid sa pamamagitan ng email.

Kung isa kayong organisasyong interesado sa pamamahagi ng mas maraming food box sa inyong mga kliyente sa isang sentral na drop site, mangyaring makipag-ugnayan kay Claire Brown sa clairebrown@uwkc.org.

Pakitandaan na inilaan ang sangguniang ito para sa at maaaring maging tanging solusyon ng pagkain para sa karamihan ng ating pinakamahihinang miyembro ng komunidad na hindi kayang lumabas ng kanilang bahay sa panahon ng COVID-19, at hindi kayang ma-access ang mga serbisyo sa kanilang lokal na food bank. Kung makakaya ninyo, pag-isipan ang pagkuha ng pagkain mula sa inyong lokal na food bank--para sa karagdagang impormasyon ng mga lokasyon at oras, tumawag sa 2-1-1 o bumista sa https://foodlifeline.org/need-food/.

Mangyaring makipag-ugnayan kay Claire Brown sa clairebrown@uwkc.org o (206) 461-6915 kung may katanungan o reklamo ka tungkol sa programang ito, at tutugon siya sa loob ng 3 araw. Sa mga kaso kung saan hindi ka nakatanggap ng kasiya-siyang resolusyon, maaari kang sunod na makipag-ugnayan kay Leah Rapalee sa leahr@foodlifeline.org o (206) 432-3606.